



Responsableng maglibang sa mga parke ng estado

Mga panuntunan para sa responsableng paglilibang sa labas

Bago ka pumunta

- Tingnan kung ano ang bukas. Bagama't maraming destinasyong lugar na pinangangasiwaan ng estado ang bukas na para puntahan kapag araw, maaaring sarado pa rin ang ibang lokal, pantribu at pederal na lupain. Bumisita online sa www.parks.state.wa.us/parksopening
- Pumili ng mga pang-araw na biyahe na malapit sa bahay. Hindi pinapayagan ang mga pangmagdamag na pananatili.
- Manatiling kasama ang mga malapit na miyembro ng sambahayan lamang. Ang paglilibang kasama ang mga nasa labas ng sambahayan ay lumilikha ng mga bagong paraan para maipasa ang virus.
- Pumunta nang handa. Maaaring makaranas ang mga bisita ng mga nabawasan o limitadong serbisyo sa banyo habang sinisimulan ng mga kawani ang proseso para muling buksan ang mga pasilidad sa mga lugar ng wildlife at mga lugar na may access sa tubig. Pinapayuhan kang magdala ng sarili mong sabon, tubig, hand sanitizer at tisyu, pati na rin ang mask o bandana para takpan ang iyong ilong at bibig.
- Mag-enjoy sa labas kung malusog. Kung mayroon kang mga sintomas ng lagnat, pag-ubo o paghingal, ipagpaliban ang iyong panlabas na pakikipagsapalaran sa ibang araw.

Kapag nakarating ka na roon

- Iwasan ang maraming tao. Maging handa na pumunta sa ibang lugar o bumalik sa ibang pagkakataon kung mukhang maraming tao sa iyong patutunguhan.
- Magsagawa ng pisikal na pagdistansiya. Panatilihin ang 6 na talampakang layo sa pagitan mo at ng mga hindi mo kamag-anak. Paisa-isang magpalaot ng bangka para magbigay ng sapat na espasyo sa iba para ligtas na magpalaot. Mag-iwan ng kahit isang puwang sa paradahan sa pagitan ng iyong sasakyan at sa katabi mong sasakyan. Iparada ang iyong bangka sa parehong paraan.
- Madalas na hugasan ang iyong mga kamay. Panatilihin ang personal na kalinisan at magdala ng sarili mong tubig, sabon at hand sanitizer.
- Iligpit ang iyong mga dinala. Dalhin ang anumang basura, kabilang ang mga disposable na glove at mask.
- Maging mabait at magalang sa aming mga ranger, mga aide sa parke at iba pang kawani sa field.

Para sa impormasyon tungkol sa tugon ng estado ng Washington sa COVID-19, bumisita sa www.coronavirus.wa.gov.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa tugon ng mga Washington State Parks sa COVID-19, bumisita sa www.parks.state.wa.us/COVID19.